

1

“Malapit na ang pagdating ng kaisa-isang anak ni Don Enrico, iha,” paalala ni Donya Beatrice kay Andrea nang kumakain silang dalawa ng hapunan. “Kailangang magandang-maganda ka kapag nagkakilala kayo.”

Hindi siya umimik.

Alam niya kung bakit gusto nitong maging magandang-maganda siya sa kanilang pagtatagpo ni David, ang anak ng milyonaryong si Don Enrico. Gusto ng kanyang mama na mapaibig niya ang binatang ni hindi pa niya nakikilala.

Nalulugi na ang kanilang mga negosyo at bumabagsak na ang kanilang kabuhayan. Simula nang mamatay ang kanyang papa ay hindi na sila nakabawi pa at iniisip ng ina niya na ang David na iyon ang sasagip sa kanila.

Natatakot rin naman siyang maghirap sila. Hindi siya sanay sa hirap at ayaw niyang maranasan iyon. Gusto niyang maisalba ang kanilang kabuhayan.

Pero hindi sa paraang gusto ng kanyang ina.

Ayaw naman ni Andrea na manggagamit siya ng ibang tao para lamang sa sariling kapakanan.

“Iha, ito lang ang alam kong paraan para makaahon tayong muli,” anang matanda, ginagap nito ang isa niyang kamay.

“Mama, tapos ako ng BS Biology, pwede akong maghanap ng trabaho...”

“Hah, at sa palagay mo masu-sustain ng kikitain mo ang lahat ng mga pangangailangang natin dito?”

Napatungo siya. Marami siyang gustong sabihin sa ina pero ayaw niyang madagdagan pa ang paghihirap ng kalooban nito. Ngayon niya pinagsisihang BS Biology pa ang kinuha niyang kurso. Kung sana ay Business Management na lamang ang kursong kinuha ni Andrea, hindi sana sila naloko ng isang kamag-anak na pinagkatiwalaan nilang humawak ng kanilang mga negosyo matapos mamatay ang kanyang papa.

At kung sana ay nagkaroon siya ng interes noon sa kanilang mga negosyo, baka sakaling may nagawa pa siya ngayon para isalba ang mga iyon. Pero ano ba ang alam niya sa

pagpapatakbo ng isang negosyo, samantalang noong nabubuhay pa ang papa niya ay wala siyang ginawa kundi ang magbuhay prinsesa? Nakakahiya ngang isipin na sa edad niyang twenty-five, ni minsan ay hindi pa niya nararanasang magtrabaho.

Ilang taon na nga ba siyang graduate? Five years? At ni katiting na experience sa trabaho ay wala siya. Bigla ay naisip ni Andrea na walang matinong kompanya ang tatanggap sa isang kagaya niya.

Iyong mga connections nila noon ay biglang nagsipaglayuan sa kanila. Noong panahong sagana sila ay kay dami nilang kaibigan. Ngayon namang naghihirap na sila, wala nang natira kahit na isa.

Maski ang mga kaibigan niya noon na madalas magpalibre sa kanya, ngayon ay isa-isa na siyang nilalayuan.

“Iha, ang mansion na lamang na ito at ang dalawa nating kotse ang natitira nating kayamanan, gusto mo bang pati ang mga iyon ay mawala na rin?” Nakikiusap ang mga mata ni Donya Beatrice.

“Mama, marami pa namang kayong mga alahas, ah?”

“Hindi ko ipagbibili ang mga alahas ko. Regalo lahat iyon ng papa mo. Gusto mo bang lalo tayong pagtawanan ng mga amiga ko kapag nakarating sa kanilang naghihikahos na tayo?”

“Ma, matagal na tayong pinagtatawanan ng mga ipokrita ninyong kaibigan,” may pait sa labing sabi ni Andrea, pero sa huli ay pinagsisihan niyang nasabi niya iyon sa ina.

Mas lalo lamang niyang dinagdagdagan ang sakit ng kaloobang pinagdaraan nito sa kasalukuyan.

Gusto na niyang tumakbo sa kanyang silid para umiyak nang umiyak. Ang dami-dami nang nawala sa kanila. Ang dami-dami nang nabago sa buhay nila at hindi niya alam kung papaano muling magbabalik ang mga iyon.

“Iha, mabait na tao si Don Enrico at Donya Benedicta. Nakita mo naman, nakipagkaibigan pa rin sila sa atin kahit na alam na nilang bagsak na ang negosyo natin. I’m sure, ganoon rin kabuting tao ang anak nila, kaya gawin mo ang lahat para mapaibig si David. Iyon na lang

ang pag-asa natin, anak.”

Pinipigilan ni Andrea ang mapaiyak habang pinipirmahan ang kontratang nagsasabing pag-aari na nina Don Enrico Fontana ang kanilang textile industries.

Alam niyang kung nasaan man ngayon ang kanyang papa ay hindi nito nagugustuhan ang nangyayaring ito sa kanilang mag-ina.

Saksi siya kung papaanong naghirap ang ama para lamang mapaunlad ang negosyong ito, at ngayon ay mababalewala lahat iyon dahil sa kanilang kapabayaang mag-ina.

Mami-miss niya ang opisina ng kanyang papa. Higit sa lahat ay mami-miss ni Andrea ang kanilang manggagawa na sinasalubong siya ng matamis na ngiti at pagbati pa dumadalaw siya.

Kung siya ang masusunod ay hindi niya ipagbibili ito. Pero ito lang ang paraan para mabayaran nila ang malaking pagkakautang nila sa bangko.

Kesa naman mas lalong lumaki ang utang niya at mawalang tuluyan ang lahat sa kanila

ay nagkasundo na silang mag-ina na ipagbili ito. Tatal naman ay pareho nilang hindi alam kung papaano iyon pamahalaan nang maayos.

Matapos manggaling sa abogado ay naisipan ni Andrea na mag-window shopping. Dati kapag nade-depress siya ay shopping ang therapy niya para kahit papaano ay maibsan ang nadarama. Pero hindi na siya pwedeng maging maluhog gaya ng dati dahil iba na ang sitwasyon nila ngayon.

Nagkamali yata sa naisip na pagmo-mall. Dahil nakita niya si Jerry, ang ex-boyfriend niya, kasama ang girlfriend nito na ipinalit sa kanya.

Mabilis siyang pumihit palayo rito bago pa siya mapansin ng mga ito. Hangga't maaari ay ayaw na niyang makita pa ang lalaking iyon. Kinamumuhian niya ito sa ginawa nitong pagtataksil sa kanya.

Pakiramdam ni Andrea ay pinagkakaisahan siya ng buong mundo ng mga sandaling iyon. Gusto na niyang umiyak nang umiyak. Hindi niya akalaing dadanasin niya ang ganito.

Kung noon ay isa siyang prinsesa kung

ituring ng lahat, ngayon ang pakiramdam niya sa sarili ay isang basahan na walang silbi. Sa sobrang bilis ng kanyang paglalakad ay hindi niya napansing may kasalubong siya.

Alam niyang siya ang may kasalanan kung bakit niya nabangga ang mestiso at matangkad na lalaki, pero dahil wala siyang mapaglabasan ng galit ay dito niya iyon naibunton.

“Ang problema kasi sa ‘yo, hindi ka tumitingin sa dinaraan mo!” yamot na sabi niya rito. “Next time na maglalakad ka, siguraduhin mong malinaw ang mga mata mo!” Pagkasabi niyon ay mabilis na siyang nagmartsa palayo sa lalaki.

Waring nabigla naman ang lalaki sa ipinakita niyang kasungitan kaya hindi na ito nakapag-react.

“Sira ulo yata ang babaeng iyon,” napapailing na sabi ni David habang sinusundan ng tingin ang papalayong babae. Hindi siya makapaniwalang siya pa ang nasungitan nito samantalang ito ang hindi nakatingin sa daan.

Pero kahit may pagkatanga ang babaeng iyon,

aminado siyang napakaganda nito. Sayang mga lamang at tanga na, masungit pa!

Huminga siya nang malalim saka nagpatuloy sa paglakad. Balak niyang bumili ng regalo para sa ina. Alam niyang nagtatampo ito dahil hindi man lamang siya nakabili ng pasalubong noong nasa Europe siya.

Hindi na kasi niya iyon naisip sa sobrang excitement na makabalik na kaagad sa bansa.

“Dumating na raw ang anak nina Donya Benedicta galing Europe at gustong-gusto ka nilang ipakilala sa kanilang anak,” balita ng kanyang mama sa kabilang linya ng telepono. “Niyayaya nila tayong sa kanila na mag-dinner ngayong gabi.”

“Ma, I can’t. May lakad kami ni Diane.” Nangako siya sa kanyang best friend na tutulungan itong magbantay sa tiyahin nitong may sakit.

Kaklase niya si Diane sa *Ateneo* noong college. Hindi tulad ng iba niyang mga kaibigan, simple lamang ang buhay nito. Nakapag-aral ito sa mamahaling eskwelahan dahil sa full

scholarship na ibinigay ng unibersidad.

“Ano bang mapapala mo sa pagsama-sama mo kay Diane? Iha...”

“Ma, si Diane na lang ang natitira kong kaibigan. Ang tunay kong kaibigan at ayokong mawala siya sa ‘kin,” mariing sabi ni Andrea sa ina. “Isa pa, bakit ba gustong-gusto akong i-match nina Donya Benedicta sa anak nila? Siguro saksakan ng pangit iyon at wala ng ibang babaeng gustong pumatol doon?”

“Hindi naman siguro. Hindi ba nga, sabi ni Benedicta, brokenhearted ang anak nila kaya biglang naisip na magbakasyon ng tatlong buwan sa Europe? Siguro ay gusto lamang nilang maka-recover kaagad si David sa nangyari kaya excited silang ipakilala iyong tao sa ‘yo. Hindi ba dapat ay matuwa ka, pagkakataon mo na ito para...”

“I’m sorry, Ma, pero hindi ninyo ako mapipilit sa plano n’yo.” Iyon lamang at tinapos na niya ang usapan.

Simula nang makilala ng mama niya ang mag-asawang milyonaryo ay wala na itong bukambibig kundi ang anak ng mga ito. Kahit

na siguro maghirap pa siya ay hinding-hindi siya papatol sa kahit na sino dahil lamang sa pera.

Kailanman ay hindi niya ipagbibili ang kanyang pag-ibig. May iba pa namang paraan para muli silang makabangon. Hindi sa ideyang gusto ni Donya Beatrice.

Tinawanan lamang ni David ang kwento ng kanyang ina tungkol sa babaeng gusto nitong makilala niya.

Nasaktan na siya nang labis at simula noon ay ipinangako na sa sariling hinding-hindi na siya paiisa pa sa mga babae. Mas lalong hindi niya papayagang masaktang muli ang damdamin niya kahit ng sino.

“Iho, wag mong ipares si Andrea sa mga babaeng nai-date mo.”

“Ilang buwan n’yo lang bang nakikilala ang babaeng iyon?”

Hindi nakaimik ang magandang matanda.

“See? Ni wala pa sigurong isang buwan hayan at bilib na bilid na kaagad kayo sa kanya?”

Kayo na rin ang may sabi, sinagip ninyo ang kompanya nilang malapit nang bumagsak,” aniyang tiningnan ito nang matiim. “Sa palagay ninyo, ano ang motibo ng mag-inang iyon at nakikipagkaibigan sila sa inyo?”

“Iho, bakit ba simula n’ong lokohin ka ni Elizabeth, tingin mo sa lahat ng tao ay manloloko?”

Napangisi si David. “Dalawang klase lang ang tao sa mundo. Isang manloloko at isang nagpapaloko... saan ninyo gustong lumagay?

Naguguluhan tiningnan nito ang anak.

“Mas safe kung ikaw ang mang-iisa kesa ikaw ang maiisahan,” aniya sa ina, hinalikan niya ito sa noo. “Sorry pero hindi ako interesadong makilala ang Andrea na ‘yon. Some other time maybe. Pero sa ngayon, mas mahalaga ang lakad naminng barkada. At least doon sa pupuntahan namin, mas maraming babaeng pagpipilian.” Kinindatan niya ang ginang saka nagmamadali nang umalis.

Walang magawa pa si Donya Benedicta kundi pagbilingang mag-ingat ang anak sa pag-alis

nito. Responsableng tao naman si David at sa edad nitong thirty-two ay hindi pa siya nito binigyan ng problema kahit na kailan.

Maski sa pangangasiwa ng kanilang mga negosyo ay bilib siya sa husay ng anak. Talaga namang maipagmamalaki nila itong mag-asawa. Kahit lumaki ito sa karangyaan, kahit na kailan ay hindi pa sila nito binigyan ng sakit ng ulo.

Sa katunayan ay nakatakda na sana itong lumagay sa tahimik kasama ng dating nobyang si Elizabeth. Apat na taon ang relasyon ng dalawa.

Sa labis na pagkabigo ay nagtungo sa Europe si David.

Siya ang mas higit na nasaktan sa nakita niyang paghihirap ng kalooban ng anak. Alam niyang minahal nito nang labis ang dating nobya. Kaya naman gusto na niya itong makalimot.

Nang makilala niya si Andrea ay naramdaman kaagad niyang ito ang nababagay sa kanyang anak.

Nakikita niya ang kabutihan ng dalaga at ang

What Matters Most by Helen O'Brien

pagiging tunay na tao nito. Oo nga at hindi nito alam kung paano patakbuhan ng tama ang buhay, pero sa tamang lalaki ay madali nito iyong matutuhan at nakikita niyang si David ang kailangan nito, and vice versa.

Magaan ang loob niya kay Andrea at bilang isang ina ay matalas ang pakiramdaman ni Donya Benedicta. Alam niyang isang kagaya nito ang kailangan ng kanyang anak para ganap itong maging maligaya.

2

Nasa labas ng *PGH* si Andrea sa may waiting shed at kasalukuyan siyang nag-aabang ng taxi pauwi. Ala una na iyon nang madaling araw. Iniwan na niya ang kaibigan na magbantay sa tiyahin nitong may-sakit dahil may lakad pa siya bukas ng umaga at kailangan na niyang magpahinga.

Napapahikab na siya sa sobrang antok. Lately ay wala siyang gaanong tulog dahil sa mga problemang kinakaharap nila, at kanina lamang niya naramdaman ang sobrang pagod.

Akala niya ay makakatagal siya sa puyatan, pero talagang hindi na niya kaya, kaya kahit na magdamag ang usapan nila ni Diane na magbantay sa tiyahin nito ay nagpaalam na siya. Baka siya naman ang magkasakit kung hindi siya magpapahinga. At sa mga panahong tulad nito, bawal ang magkasakit dahil dagdag sa problema lamang iyon.

Bahagya na siyang napapapikit habang nag-aabang ng taxi nang may isang lalaking dumikit sa kanya at bigla nitong hatakin ang dala niyang bag. Nawala bigla ang nararamdaman niyang

antok.

Sisigaw sana si Andrea para humingi ng saklolo pero naisip niyang baka may patalim ang lalaki at balikan lamang siya nito. Hindi niya ipagpapalit ang buhay niya para sa isang libong laman ng kanyang pitaka. Hindi na siya nakipagtalo pa at hinayaan ito.

Napaiyak siya nang maalala ang mamahalin niyang wallet at bag. Those were gifts from her dad, at iyon ang higit na masakit para sa kanya.

Bakit ba parang dumarating ang kamalasan, parang ayaw na niyong huminto?

At ngayon ay saan siya kukuha ng pamasahe? Naisip niya si Diane. Kahit pang-jeep na lang ang hingin ni Andrea. Alam naman niyang wala ring gaanong pera ang kaibigan niyang iyon.

Habang sakay sa jeep aty tumutulo ang luha ni Andrea. First time niyang sumakay sa jeep. Habag na habag siya sa sarili nang mga sandaling iyon lalo pa at hindi niya alam kung ano ang kasunod niyang sasakyan pagkababa

niya ng Quiapo.

Noon ay ang dami niyang kotse na magagamit kaya hindi niya naging problema ang color coding ng mga sasakyan.

Nakita niya ang simbahan sa Quiapo. Parang wala sa sariling bumaba siya sa jeep.

Hindi niya alam kung sa labis na pagod o tension, sumakay siya ng isa pa uling jeep nang hindi binabasa ang karatulang nakasulat doon. Hanggang sa mamalayan na lamang niyang nagpapaikot-ikot lamang pala siya sa lugay na pinupuntahan niya.

She was crying nang magpasya siyang pumasok sa isang bar sa Malate hoping na mayroon siya kahit na isang kakilala na mapapakiusapang maghatid sa kanya pauwi sa Project 3.

Isa ang Malate sa madalas nilang tambayan noon ng mga kabarkada niya, pero hindi pala niya iyon kabisado kapag wala siyang dalang sariling sasakyan. Unti-unti niyang nare-realize na hindi pala talaga siya na-expose sa realidad ng mundo, at ngayon pa lamang nangyayari iyon.

Somehow ay naisip ni Andrea na kahit na paano ay may positibo rin namang idinudulot ang nangyayaring ito ngayon sa buhay niya.

Parang wala sa sariling naupo siya sa isang mesa, iginala niya ang mga mata sa paligid.

Sa malas ay wala siyang makita ni isa man lamang na kakilala. Wala na siyang pamasahe, bahala na si *Batman* kung ano ang mangyayari ngayon sa kanya.

I have a big God, usal niya sa sarili para lumakas ang loob niya. Gusto na sana niyang sumakay ng taxi at saka na lamang niya babayaran ang driver. Pero hindi niya sigurado kung nakauwi na ba ang mama niya sa bahay. Minsan ay naiisipan nitong lumabas at inuumaga na ito ng uwi kasama ang mga kaibigan nito. Wala siyang susi ng bahay dahil kasamang natangay iyon ng magnanakaw.

Mabuti na lang pala at nag-low batt kanina ang mamahalin niyang cellphone kaya hind niya iyon dinala. Kung nagkataon pala ay kasama pa iyong mawawala ngayon.

Pilit niyang pinakalma ang sarili. Lumabas siya ng bar, ang nasa isip ay pumasok sana sa

isa pang bar para maghanap ng kakilala. Pero laking gulat ni Andrea nang hindi mapansin ang paparating na sasakyan. Muntik na siyang mabangga, mabuti na lang at mabilis na nakapag-preno ang nagmamaneho niyon.

Putlang-putla siya habang nakatayo sa harapan ng sasakyan.

Bumaba ang driver. Galit na galit ito habang papalapit sa kanya. Napakunot-noo siya, pamilyar sa kanya ang mukha ng lalaki.

“Kung gusto mong magpakamatay, huwag kang mandamay ng....” Kumunot ang noo ng lalaki nang matitigan siyang mabuti. “Hey, ikaw iyong idiot girl na nakabangga sa ‘kin n’ong isang araw, ah.”

Bigla siyang nakabawi sa pagkabigla nang marinig ang sinabi nito. “Say what?” Lumabas bigla ang katarayan niya.

Sinalubong nito ang tingin niya. “Ano ang gusto mong itawag ko sa babaeng kagaya mo na walang sense of direction kaya palaging nababangga?”

Natigilan siya.

Bigla ay napahiya si Andrea nang ma-realize

ang sinabi nito. Nakita niya ang pagsilay ng isang tipid na ngiti sa mga labi nito.

“See, hindi ka nakapalag? Ngayon mo sabihing hindi ka bobo,” nanunuyang sabi ng lalaki sa kanya.

She was about to react when she saw Jerry, papalabas ng bar na pinanggalingan niya at nakita siya nito. Nangatog ang tuhod niya. Ayaw niyang makita siya nito sa nakakaawang sitwasyon lalo pa at kasama na naman ang girlfriend nito.

For all she knew, pinagtatawanan siya ng babaeng iyon lalo pa at marahil ay alam na nitong naghihirap na sila ngayon.

Kaya naman without even thinking, she grabbed the man standing in front of her and kissed him.

Alam niyang ikinagulat ng lalaking kanina lamang ay sinusungitan siya at tinawag pa siyang idiot kung bakit bigla niya itong hinalikan.

Pero hindi niya maramdaman ang pagtataakang iyon sa mga labi nito, in fact, malugod nitong tinutugon ang kanyang mga halik.

Maging si Andrea ay naguluhan nang maghinang ang kanilang mga labi. Hindi dapat ganito ang pakiramdam niya sa estranghero. Ginagawa niya ito to get even with Jerry, at hindi para sa sariling kaligayahan, and yet, sa pagkakahinang ng kanilang mga labi ay may kakaiba ibang magic siyang naramdaman.

Hindi niya matukoy kung ano ang damdaming iyon.

Ni hindi niya kayang pangalanan ang nararamdaman. Basta ang tiyak niya, may kuryenteng gumapang sa buong katauhan niya habang nilalaspang ang matamis nitong mga labi.

At bigla ay natakot si Andrea.

Mabilis siyang huminto sa ginagawa. Hindi niya malaman kung saan susuong nang magtama ang paningin nila ng estranghero. Hindi niya alam kung ano ang meron sa mga labing iyon na biglang nakapagpataranta sa kanya nang husto.

Pero sigurado siyang hindi niya naramdaman ang ganoong klase ng pakiramdam sa mga naging boyfriend niya.

Akmang magsasalita ang lalaki nang mag-

abrisiete siya rito at pilit ang mga ngiting kinawayan si Jerry. Sa kanyang mga mata ay waring sinasabi niyang boyfriend niya ang kasama.

Tumango si Jerry sa kanya saka sumakay na sa kotse nito kasama ang nobya. Nang matiyak na malayo na ang mga ito ay mabilis siyang bumitaw sa lalaki.

“Ibang klase ka rin, ano? Sa palagay mo, hindi nahalata ng lalaking ‘yon na ginagamit mo lang ako para ipakita sa kanya na hindi ka nasasaktan?” tanong nito.

Tiningnan ito nang masama ng dalaga. “Wala kang karapatang pakialaman ang buhay ko!”

Natawa ito. “Okay ka rin. Bigla mo na lang akog hahalikan pagkatapos sasabihin mo sa ‘king wala akong karapatang pakialaman ang buhay mo? Kung sasabihin ko rin sa ‘yong wala kang karapatang basta na lamang akong halikan?”

“Hah, ang yabang mo, akala mo hindi ko alam na nag-enjoy ka sa halik ko!”

“Well, I’ll be hypocrite kung hindi ko aamining nag-enjoy nga ako... in fact....”

“Huwag mo nang ituloy pa ang sasabihin mo dahil tatamaan ka na sa ‘kin,” yamot na sabi ni Andrea. “At para sabihin ko sa ‘yo, hindi ako kagaya ng mga babaeng iniisip mo!”

“Really? Matapos mo akong bigla na lang halikan?”

“You flatter yourself kung iisipin mong gusto ko ang ginawa ko!” aniya rito kahit pa ang totoo ay nagustuhan nga niya ang ginawa.

Nakalimutan tuloy niyang may problema nga pala siyang kailangan niyang gawan ng paraan.

Huminga nang malalim si Andrea. Yaman rin lamang na pinakapal na niya ang mukha sa ginawa niyang pagnanakaw dito ng halik, bakit hindi pa niya lubusin? Tatal naman pagkatapos nito ay hindi na niya ito makikita kailan man.

“Ihatid mo ‘ko sa amin, ninakaw ang bag ko at wala akong pamasahe pauwi!”

“What?”

3

Hindi alam ni David kung papaano siya nakumbinsi ng babae na ihatid niya ito pauwi. To think na tila may sayad ang babaeng ito sa inaasal nito.

Bakit hindi iyon ang iisipin niya? The first time he saw her, binangga siya nito at sa halip na humingi ng paumanhin ay bigla pa siyang tinalakan. At kanina, parang wala ito sa sarili, pagkatapos ay bigla siyang hinalikan. Sino bang matinong babae ang gagawa niyon?

Pero aminado siyang simula nang makita niya ito ay hindi na ito nawala sa isipan niya. Sabagay, tanga na lamang ang hindi maaakit sa ganito kagandang babae.

Sayang nga lang, sa sobra sigurong pagmamahal nito sa lalaking pinagpaseles kanina, nasiraan ng bait!

But there was something in her kiss na hindi niya kayang pangalanan kung ano. Parang may gayuma ang mga labi nito kaya sandali ay nakalimutan niya ang lahat.

“Thinto mo na. Dito na ang bahay ko,” dinig

niyang sabi ng babae.

Kumunot ang noo ni David. “Are you sure dito ka nakatira?” Madilim na madilim ang mansion. Hindi niya tiyak kung dito nga ba nakatira ang babae o magnanakaw lamang ito sa bahay dahil mukhang walang tao.

“Bakit, ano ba’ng palagay mo sa ‘kin?” tila nainsultong tanong nito.

Mabilis na itong bumaba ng sasakyan niya.

“Thank you,” sabi pa nito bago siya tuluyang tinalikuran.

Marunong rin naman palang magpasalamat, sabi ni David sa sarili bago mabilis na pinatakbo ang kotse. Wala na siyang pakialam dito, ke magnanakaw man ito o talagang doon nga ito nakatira.

Sabagay, hindi naman mukhang masamang tao ang babae. Mukha itong anghel sa kagandahan. At kung hindi lamang magulo ang buhok nito ay talaga namang mukha itong mayaman.

Damn, bakit ba niya pag-aaksayahan ng oras isipin ang mga ganoon klaseng tao?

Nagtataka si Andrea kung bakit madilim ang buong kabahayan. Nag-doorbell siya pero hindi iyon tumutunog. Hindi naman brown out sa ibang mga bahay. Kinutuban siya.

Twenty thousand ang huling bill niya sa kuryente. Iyon ay bago pa umalis ang kanilang mga maid na walang pakundangang hinahayaang bukas ang buong aircon ng bahay.

“Ma!”

“Andrea, anak... bakit ngayon ka lang dumating? Takot na takot ako. Nag-iisa lang ako dito sa bahay, wala akong kasama,” umiiyak na sabi nito habang hawak ang isang kandila.

Awang-awang napatingin siya kay Donya Beatrice.

Pinigilan niya ang mapaluha. Siya na lamang ang pinagkukunan ng lakas ng ina at ayaw niyang makita nitong pati siya ay nanghihina na rin.

“Ma, sa Wednesday, pwede nang e-encash i-iyong bayad nina Don Enrico. M-makakabayad na tayo ng kuryente.” One hundred thousand ang tseke na iyon na ee-encash niya sa bangko

sa Miyerkules. Pambayad iyon sa mga maliliit nilang utang kagaya ng kuryente at telepono.

Ang milyon-milyong halaga ay idineretso na ni Andrea noon pa sa bangko bilang pambayad sa malaking utang nila doon.

Hindi niya kailanman na-imagine na hahantong sa ganito ang buhay nila. Gusto niyang sisihin ang sarili sa mga naging kapabayaang, pero magsisi man ay hindi na maibabalik pa ni Andrea ang nangyayari na.

Pero magsisilbing leksyon ang lahat ng ito para matuto na silang humawak ng pera.

“Anak, nakikiusap ako sa ‘yo,” nagsusumamo ang anyo ng kanyang ina nang tingnan siya. “Gawin mo ang lahat ng paraan para bumalik sa atin ang lahat.”

Alam niya kung ano ang bibig nitong sabihin. Hindi na lamang siya nakipagtalo pa. Napapagod na si Andrea na pagdiskusyunan ang tungkol kay David Fontana.

“Halika na, Mama, magpahinga na tayo.”

“Excited na sina Benedicta na makilala mo ang kanilang binata...”

“Ano nga po pala’ng nangyari sa dinner ninyo sa kanila kanina? Guwapo po ba iyong ipinagmamalaki nilang anak?”

“May lakad rin si David kanina eh...”

“See?” kibit-balikat na sabi niya kay Donya Beatrice. “Maski ang anak nila, hindi naman interesadong makilala ako...” aniyang napailing. “Hindi ko talaga maintindihan kung bakit gustong-gusto n’yo kaming ireto sa isa’t isa. Kung kami mismo, hindi kami interesadong magkakilala.”

Napahawak si David sa kanyang mga labi saka napailing. Pakiramdam niya ay naroon pa ang mainit na halik ng hindi nakilalang babae.

Huminga siya nang malalim at pinatulin ang pagpapatakbo ng sasakyan. Hindi siya dapat nagpapatangay sa isang halik lang. Pero hindi man niya aminin ay naapektuhan siyang talaga ng halik na iyon.

Sadyang hindi na niya inalam pa ang pangalan nito. Hindi siya interesado.

“Pare, akala ko hindi ka na susunod. Saan ka ba nanggaling at ang tagal-tagal mo?” tanong ng

best friend ni David na si Rico. Magkakasama sila kanina sa Timog. Nag-bar hopping sila doon. Nang magsawa ay nagdesisyon silang dito naman magtungo sa Malate.

Kung tutuusin ay nauna siyang makarating sa mga ito dahil alam niya ang mga shortcut.

“Medyo naligaw lang ako, pare,” pagsisinungaling niya. Wala na siyang planong ikwento pa ang tungkol sa babaeng nagnakaw ng halik sa kanya.

Ang lakas ng tawa nito. “Tatlong buwan ka lang nawala, hindi mo na kaagad kabisado itong Maynila? Iyan ba ang epekto ng brokenhearted, ha?”

Peke ang kanyang naging pagtawa. “Asan nga pala sina Gio?”

“Si Gio may nakilalang kanina. Hindi ko alam kung saan niya dinala. Si Rex tinawagan ng misis niya, may emergency raw sa bahay,” kuwento ni Rico. “Mabuti na lang hindi ka natuloy mag-asawa, kung hindi’y nag-iisa ako ngayon.”

Natahimik si David.

Hanggang ngayon ay nasasaktan pa rin

siya kapag naaalala ang ginawa sa kanya ni Elizabeth. Minahal niya ito nang tapat at hindi niya inasahang sa kabila ng lahat ay nagawa pa rin siya nitong lokohin.

Tila nahalata ni Rico iyon kaya iniba nito ang usapan, “By the way, nagkita nga pala kami ni Kris last Monday. Maganda pa rin siya, pare... and she’s still single.”

Si Kris ay girlfriend niya bago niya makilala si Elizabeth. Lingid kay Rico ay hindi rin maganda ang paghihiwalay nila ni Kris.

Napag-alaman niyang nagkaroon pala ito ng ka-live-in na isang DOM. Simula noon ay tinabangan siya rito. Pakiramdam ni David ay DOM rin ang tingin nito sa kanya lalo pa at wala na itong ginawa kundi ang magpabili ng kung anu-ano.

Pero hanggang sa maghiwalay sila ay wala siyang pinagsabihan ni isa sa kanyang mga kaibigan tungkol sa natuklasan niya kay Kris. Kahit naman ganoon ito ay may respeto siya rito bilang tao.

“Kinukumusta ka nga niya. Halatang na-excite nang malaman niyang available ka

ngayon,” pabirong sabi ng kaibigan sa kanya.

“So, how was your dinner with Andrea?” naalalang itanong ni David nang kumakain silang mag-ina ng agahan. Ang kanyang ama ay maagang umalis patungo sa golf session nito sa Batangas.

“Hindi siya nakarating. Si Beatrice lang ang kasabay naming nag-dinner kagabi.”

“At gusto n’yo pang ireto sa ‘kin ang indianerong babae na ‘yon?” pabirong sabi niya, huminga nang malalim. “Anyway, tungkol nga pala sa request ninyo na gawin ko siyang secretary ko, okay na iyon, Ma. Tell her she can start on Monday. Bahala na si Mrs. Dominquez na i-orient siya sa trabaho niya. Pero wag niyang asahang may VIP treatment siya sa ‘kin just because kayo ang nagrekomenda sa kanya.”

“Thank you, iho. Tiyak na matutuwa si Beatrice na natanggap ang anak niya bilang secretary mo.”

Kumunot ang noo niya. May na-sense siya sa ina, “Don’t tell me hindi alam ng Andrea

na ito na ipinasok n'yo siya sa trabaho?"

"Anak..." anitong ngumiti. "Gusto ko lang namang makatulong."

"Sino ang gumawa n'ong resume niya?"

"Kaming dalawa ni Beatrice. Pero totoo raw namang lahat ang information na naroon."

"Malamang. Kasi ni katiting na experience sa trabaho ay wala man lang nakasulat doon. I bet, ni magtimpla ng kape ay hindi magagawa ng babaeng iyon," aniya at napailing. "Hindi ko alam kung paano siyang pinalaki ng mga magulang niya."

"Iho, masyado ka namang judgemental, ni hindi mo pa nga nakikilala si Andrea, eh. Ano kaya, yayain natin silang mag-dinner ngayon?" excited na tanong nito sa kanya.